**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-96 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, IDINAOS NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2021, 1:26 NG HAPON SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Michell B. Bermundo | - | Pang. Punong Bayan/Tagapamatnugot |
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - | Konsehal |
| Kgg. Patrick John P. Alcantara | - | " |
| Kgg. Joanne Marie P. Calderon | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion Jr. | - | " |
| Kgg. Kyle Georic Y. Gacula | - | " |
| Kgg. Ma. Elaine T. Leonardo | - | " |
| Kgg. Philip Jeison J. Cruz | - | " |
| Kgg. Roda May A. Diño | - | Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

**DI-DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva | - | Konsehal (O.B.) |
| Kgg. Frank Luster L. Santos | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay (O.B.) |

---

May Akda at Nagpanukala: Kon. Philip Jeison J. Cruz

Kapwa Nagpanukala : Pang. Punong Bayan Michell B. Bermundo
Kon. Sophia Priscilla L. Cabral
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Ceferino R. Resurreccion Jr.
Kon. Kyle Georic Y. Gacula
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Pangulo ng LnB Frank Luster L. Santos
Pangulo ng Ped. ng SK Roda May A. Diño

---

**KAPASYAHAN BILANG 332 serye ng 2021**

**PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. BOKAL BENJAMIN "TOTOY" DE LEON ESGUERRA, JR. AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY AT NG BUONG LALAWIGAN NG RIZAL**

SAPAGKAT, sa kanyang mahigit isang dekadang paglilingkod sa Bayan, si Kgg. Benjamin De Leon Esguerra, Jr. ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan na nakatulong ng malaki upang mapaganda at maging maayos ang serbisyong pambayan at panlalawigan;

SAPAGKAT, si Vice Mayor Totoy Esguerra ay naglingkod bilang Pangalawang Punongbayan at Tagapatnugot ng Ikatlong Sangguniang Bayan ng Taytay mula taong 1995 hanggang 1997;

SAPAGKAT, si Bokal Totoy Esguerra ay naglingkod din bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan bilang kinatawan ng Unang Distrito ng Rizal mula 2004 hanggang taong 2013;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay namalas sa kanya ang kanyang pagiging matulungin at mabuting halimbawa sa mga mamamayang may pagmamahal sa kaunlaran ng ating Bayan;

SAPAGKAT, ang buong bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Kgg. Punongbayan George Ricardo R. Gacula II at ang bumubuo ng Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingcod bayan patungo sa kaharian ng Dakilang Maylikha;

LUBUSAN PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya, PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. BOKAL BENJAMIN "TOTOY" DE LEON ESGUERRA, JR. AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY AT NG BUONG LALAWIGAN NG RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-29 ng Hunyo, 2021, 2:32 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-96 Pangkaraniwang Pulong nang ika-29 ng Hunyo, taong 2021 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan
OIC

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. MICHELL B. BERMUNDO**
Pang. Punong Bayan / Tagapamatnugot

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. CEFERINO R. RESURRECCION JR.**
Konsehal

**KGG. KYLE GEORIC Y. GACULA**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal

**KGG. FRANK LUSTER L. SANTOS**
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

**KGG. RODA MAY A. DIÑO**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan